Department of Education
**Bureau of Secondary Education**
*CURRICULUM DEVELOPMENT DIVISION*
*Meralco Ave., Pasig City*

# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

## *FILIPINO 1*

# *Modyul 9*

## *Pagsusuri at Pagtukoy sa Kaisipan, Mensahe at Damdamin sa Teksto*

# Modyul 9
# Pagsusuri at Pagtukoy sa Kaisipan, Mensahe at Damdamin sa Teksto



## Tungkol saan ang modyul na Ito?

Kumusta ka na kaibigan? Marahil ay marami ka nang natutunan sa mga modyul na pinag-aralan nitong mga nakaraang araw. Dagdagan pa natin ha? May inihanda akong bagong modyul para sa iyo. Tiyak na mawiwili ka sa pagsagot sa mga gawaing inihanda ko dito.

Bagong kasanayan ang ituturo nito sa iyo tulad ng pag-unawa sa paksa ng teksto na iyong binabasa maging ang pagkuha ng pangunahing kaisipan nito. Matutulungan ka rin nitong maipaliwanag ang paksa ng iyong binabasang teksto sa pamamagitan ng pamagat, pangunahing kaisipan at mga pansuportang detalye. Makikilala mo rin ang mga pangungusap na nagpapahayag ng damdamin, kaisipan / mensahe. Madaragdagan din ang iyong kaalaman sa uri ng teksto at higit sa lahat ang pagsusuri dito. Makakikilala ka ng isang bagong uri ng teksto pati na ang mga katangian nito.

Ang dami, ano? Pero di bale, para sa iyo ito. Sige ituloy mo na.



## Ano ang matututunan mo?

Matapos mong pag-aralan ang modyul na ito ay inaasahan kong matatamo mo ang mga sumusunod na kasanayan.


1. Natutukoy ang mga pangungusap na nagpapahayag ng damdamin, kaisipan / mensahe

2. Natutukoy at naipaliliwanag ang paksa ng teksto sa tulong ng pamagat, pangunahing kaisipan at mga pantulong na detalye

3. Nasusuri ang tekstong binasa batay sa tiyak na uri nito

4. Nakikilala ang mga salitang nagpapakita ng pagsang-ayon at pagsalungat

5. Nakapagpapakita ng pagtutol o pagsang-ayon sa isang isyu



## *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Tulad ng sinabi ko sa iyo kaibigan, sa modyul na ito ay marami kang matutunan at magiging madali para sa iyo ang lahat ng ito kung matamang susundin ang mga tuntunin sa ibaba na magsisilbing gabay mo sa iyong pag-aaral.

Basahin ito at unawaing mabuti.

Una sa lahat, ingatan mo ang modyul na ito. Huwag mo itong susulatan. Gumamit ka ng hiwalay na sagutang papel sa pagsagot sa mga pagsusulit.

1. Sagutin mo muna ang Panimulang Pagsusulit. Ito ay ang panimulang hakbang upang masukat at matiyak ang dati mong kaalaman sa paksang ating tatalakayin.

2. Iwasto mo ang iyong sagot. Kunin mo sa guro ang Susi sa Pagwawasto. Maging matapat ka lamang sa pagwawasto. Huwag kang mag-alala kung mababa ang markang nakuha mo. May mga inihanda akong mga gawain at iba pang pagsasanay na tiyak kong makatutulong sa iyo.

3. Basahin at unawain mong mabuti ang mga teksto bago mo sagutin ang mga gawaing kaugnay nito. Unawain mo ring mabuti ang mga panuto dahil malaki ang maitutulong nito sa iyo upang maging madali ang pagsagot sa mga gawain.

4. Sagutin mo agad ang Pangwakas na Pagsusulit upang matiyak mo kung natutunan mo ang aralin, Kunin mong muli sa guro ang Susi sa Pagwawasto. Muli, maging matapat ka sa pagwawasto.

5. Bigyang-halaga mo sana ang modyul na ito kaibigan. Sikapin mong sagutin ang mga gawaing inihanda ko katulad ng pagsisikap ko na ikaw ay matulungang matuto.



## *Ano na ba ang alam mo?*

Bago ka pumunta sa mga gawaing inihanda ko, subukan mo munang sagutin ang pagsusulit sa ibaba upang masukat ang dati mong kaalaman sa paksang ating tatalakayin.

A. Panuto: Lagyan ng tsek ( / ) ang patlang ng bawat bilang kung <u>Tama</u> ang isinasaad ng pangungusap at ekis ( x ) kung <u>Mali</u>.

______1. Ang paksa ay maaaring isang salita o parirala na nagsasaad kung tungkol saan o kanino ang tekstong binasa.

_______2. Ang kaisipan ng isang teksto ay agad na maibibigay sa pamamagitan ng pahapyaw na pagbasa sa una at huling pangungusap nito.

_______ 3. Ang pangunahing kaisipan / ideya ay ang paksa ng teksto.

_______ 4. Mahalagang basahin nang may pang-unawa ang anumang teksto upang matukoy ang pangunahing kaisipan nito.

_______ 5. Ang paksa ng isang teksto ay hindi laging makikita sa pamagat nito.

B. Panuto: Piliin sa ibaba ang angkop nang salitang sumasang-ayon o sumasalungat at isulat ito sa patlang upang mabuo ang pangungusap.

1. ___________ kong pakinggan ang mga sasabihin niya.
2. ___________ ko matatanggap ang mga paliwanag mo.
3. ___________ lamang na sundin mo ang utos ng iyong magulang.
4. ___________ kang sasabihin kundi ang totoong nangyari lang.
5. ___________ tinatanggap ko nang maluwag sa aking kalooban ang nangyari.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Hindi | Ayaw | Tama | Wala | Oo |

C. Basahin at unawain. Sagutin ang mga tanong sa ibaba.

**Itigil Niyo na Yan!**

Patuloy na pinagtatalunan ang pagbabawal sa pagpapalabas ng mga malalaswang pelikula sa lahat ng sinehan na pag-aari ng SM. Ayon sa tagapamahala ng SM ang mga ganitong uri ng pelikula ay hindi makatutulong sa pagpapataas ng uri ng industriya sa pelikula manapa'y lalo lamang bababa ang tingin sa ating mga Pilipino ng mga dayuhan. Ito'y sinang-ayunan ng higit na nakararaming Pilipino. Sa aking pananaw, tama lang ang naging desisyon ng SM Management dahil ang mga ganitong klase ng pelikula ay talagang nakapagpapababa ng ating

moralidad. Ang mga kabataang bagama't nasa hustong gulang pag nakapanood ng ganitong pelikula ay nakapag-aasawa nang wala sa oras. Nagiging dahilan din ito para makalikha ng krimen ang ibang tao. Panahon na upang baguhin ang imahe ng industriya ng pelikulang Pilipino.

Ngunit sa kabila ng magandang hangaring ito ng SM Management, maraming artista ang tumutol dito. Paano nga naman, mawawalan ng kita ang mga artistang hindi naman bihasa sa pag-arte at tanging pagbibilad lamang ng katawan ang alam na gawin. Dahil din dito ay mapipilitan din ang mga prodyuser na gumawa ng pelikulang de kalibre at may makabuluhang istorya. Kung magkagayo'y lalaki ang gastos nila sa bawat pelikulang gagawin. Hindi nila masang-ayunan na sila'y gumastos nang malaki dahil sa pangambang kumita lamang sila nang maliit.

Tama na yan! Kung gusto ninyo talagang kumita hindi na kailangan pa ang paghuhubad sa pelikula. Dapat ay gumawa ng mga pelikulang makapagpapabago ng masamang pag-uugali at mag-aangat sa kalagayang panlipunan ng mga Pilipino.

1. Ano ang isyung inilahad sa teksto?

   a. Ang pagbabawal sa pagpapalabas ng malalaswang pelikula sa mga sinehan ng SM
   b. Masamang dulot ng malalaswang pelikula.
   c. Kawalan  ng kita ng mga prodyuser.

2. Ano ang tawag sa tekstong humihikayat sa mambabasang tanggapin ang kanyang posisyon sa isyu?

   a. narativ
   b. informativ
   c. argumentative

3. "Tama lang ang desisyon ng SM Management dahil ang ganitong pelikula ay nakapagpapababa ng ating moralidad." Ang pangungusap na ito'y nagpapahayag ng

   a. pagsang-ayon
   b. pagtutol
   c. pag-aalinlangan

4. Saang bahagi ng teksto unang makikita ang paninindigan ng sumulat hinggil sa isyu?

   a. unang talata
   b. gitnang talata
   c. pangwakas na talata

5. “Hindi nila masang-ayunan na sila’y gumastos nang malaki dahil sa pangambang kumita lamang sila nang maliit.” Anong damdamin ang nangibabaw sa pangungusap na ito?

    a. pagkalungkot
    b. pagka-awa
    c. pag-aalala

Kunin mo na sa guro ang Susi sa Pagwawasto. Nasagot mo bang lahat ang tanong? Kung hindi, huwag kang mamroblema. Pag-aralan mo na ang modyul na ito.

# *Mga Gawain sa Pagkatuto*

## Sub – Aralin 1:

### Mga Salita/Pangungusap na Nagpapakilala ng Damdamin, Kaisipan/ Mensahe

Handa ka na ba kaibigan? Dumako na tayo sa isa sa mga mahahalagang bahagi ng modyul na ito. Sa bahaging ito’y tiyak kong marami kang matututunan. Isipin mo lamang na malaki ang kapakinabangan nito sa iyo.

Layunin:

Ang araling ito’y magtuturo sa iyo ng mga salita / pangungusap na nagpapakilala ng damdamin, kaisipan/ mensahe sa tekstong iyong binabasa.

Hinding-hindi ka mahihirapan dahil ipaliliwanag ko sa iyo kung anu-ano ito at bibigyan kita ng mga halimbawa.


**A. Alamin**


Galit, panghihinayang, pandidiri, kalungkutan, takot at kasiyahan… minsan mo na ba itong naramdaman? Paano mo ito ipinakikita o ipinahahayag? Basta na lamang ba ito pumapasok sa iyong isip? Tama ka kaibigan! Ang mga emosyong binanggit ko ay mga damdaming galing sa puso at hindi dikta ng isip.

Sa buhay natin ay may iba't ibang pangayayaring dumarating. Minsan ang iba'y hindi natin inaasahan. Ang mga pangyayaring ito'y maaring magbigay sa atin ng sari-saring damdamin.

Tingnan mo ang mga larawan at pag-aralan ang mga pahayag ng mga tauhan.

Ano ang damdaming ipinahahayag sa bawat larawan?




Ibigay mo sa akin ang lahat ng pera mo kundi papatayin kita!!!
Huwag po.. maawa na po kayo sa akin… kunin n'yo na po ang lahat ng gusto n'yo wag n'yo lang po akong patayin…


Galit na galit ako sa iyo!!! May araw ka rin sa akin!!!


Palimos po ng konting barya… pambili ko lang po ng pagkain…
O heto, kawawa ka naman bumili ka na ng makakin mo…

Naipakita ba sa mga dayalog ang nararamdaman ng mga tauhan? Ano ang ipinahahayag sa una? Tama, kalungkutan. Anong mga salita ang nagpapahayag nito? Oo, sa mga salitang "labis pa rin akong nalulungkot" ipinahayag ng tauhan ang kalungkutang kanyang nadarama. Ano naman ang ipinahahayag sa ikalawang dayalogo? Kaligayahan nga! Tama, hindi ba't ang salitang "yehey"ay nagpapahayag ng kasiyahan? Sa ikatlong dayalog, ano naman ang ipinahahayag ng lalaking naholdap? Tama, takot. Ano namang mga salita ang nagpahayag nito? Ganoon nga, ang mga salitang "Kunin n'yo na po ang lahat sa akin, wag n'yo lang akong patayin." Malinaw na naipahayag ng tauhan ang kanyang naramdaman. Ano naman ang ipinahahayag sa ikaapat na dayalog? Tama, matinding galit. Anong mga salita ang nagpahayag nito? Yun nga, ang mga salitang "galit na galit ako sa iyo" ang nagpapatunay na ito nga ang nadarama ng tauhan. Sa ikalimang dayalog, anong damdamin naman ang ipinahayag ng babaeng nagbigay ng limos sa batang pulubi? Tama, pagkaawa. Tiyak kong naunawaan mo agad ito sa ipinahayag niyang mga salita tulad ng "kawawa ka naman", hindi ba?

Ito ang malinaw na mensaheng hatid ng mga pag-uusap sa larawan.

Kung susuriin mo ang ekspresyon ng mukha ng mga tauhan ay tiyak kong masasabi mo rin ang kanilang nararamdaman.

Upang matulungan tayo na higit na maunawaan ng ating kapwa, mahalagang maipahayag natin nang malinaw at maayos ang ating nararamdaman.

Gayundin sa pagpapahayag ng emosyon o damdamin, gumagamit tayo ng mga salitang naglalarawan ng ating mga nadarama.

Halimbawa: takot, galit, saya, lungkot, awa, kaba, panghihinayang atbp.

**B. Linangin:**

Naunawaan mo ba ang mga ipinaliwanag ko? Tandaan na hindi lamang sa ekspresyon ng mukha at kilos ng katawan maipakikita ang ating damdamin o nararamdaman. Higit sa lahat sa mga pananalitang ating binibitiwan.

Basahin at unawaing mabuti ang sumusunod na talata.

Anu-anong damdamin ang ipinakikita nito?

**Tunay na Diwa ng Paglalaro**

*Josua A. Bedana*

*Ang Sulo, Mataas na Paaralang Torres*

Nakatutuwang pagmasdan ang mga batang walang kapaguran. Kita sa kanilang mga mukha ang kaligayahan at hindi sila kakikitaan ng pagkasawa sa kanilang ginagawa.

Maya maya'y maririnig mula sa kanila ang kantiyawan at inisan. Wika ng batang natalo ''nadaya kasi ako eh!'' ''ang sabihin mo hindi ka talaga marunong'', sabay ang matunog na tawanan. Patuloy ako sa pagmamasid. Nang biglang ang pinakamaliit na bata sa nagsisigpaglarong iyon ay nawalan ng panimbang sa kanyang pagtalon at bigla siyang bumaliktad. Hindi nag-aksaya ng panahon ang mga kalarong bata, agad siyang binuhat ng mga ito at inihatid sa kanilang tahanan. Makikita sa kanilang mukha ang takot at awa sa kanilang kalaro. Itinigil nila ang kanilang ginagawa at sama-samang naupo sa isang sulok na punung-puno ng kalungkutan.

Sa mga batang ito, makikita ang tunay na kahulugan ng paglalaro. Isang bagay na maipagmamalaki at nararapat tularan.

Napansin mo ba ang damdaming ipinahayag ng talatang binasa?

Sa talatang binasa, pansinin mo ang mga salitang may salungguhit tulad ng nakatutuwa, kaligayahan, takot, awa, kalungkutan. Ang mga salitang ito ay pawang nagpapahayag ng damdamin ng tao. Alam kong minsan sa buhay mo ay naramdaman mo na ang mga ito.

Ano naman ang ipinahahayag ng pangungusap na "Nadaya kasi ako eh!" ? Maaaring galit, hindi ba?

Halimbawa lamang iyan kaibigan ng sinasabi kong mga pananalitang nagpapakilala ng damdamin.

Ano naman kaya ang tawag sa nais ipaabot ng may-akda sa tekstong ating binasa? MENSAHE / KAISIPAN – ito ang diwang nais ipaabot ng tekstong ating binabasa.

Hindi lamang ang damdamin ang dapat na unawain. Kasabay dito ang pag-unawa sa mensaheng nais ipahatid.

Narito ang isa pang teksto. Basahin mo ang pamagat. Ano ang kahulugan ng mapapako? Tama, hindi matutupad. Ano kaya ang ipinangako? Alamin mo sa iyong pagbabasa.

**Bago Magbitiw ng Pangako Tiyakin na Hindi Mapapako**!

BINABATIKOS ngayon ng ilang civil society group si Presidente Arroyo dahil sa pagbabago ng isip nito tungkol sa mga bibitayin ngayong taon.

Una kasi ay naghayag ang Malacañang na hindi ito magbibigay ng reprieve o pagpapaliban sa pagbitay sa mga death convict.

Nakatakda sanang bitayin sa Setyembre 30 si Ruben Suriaga, nagkasala sa kasong kidnap-for-ransom.

Pero dahil lumambot ang puso ng Malacañang ay iniutos nito na sa Disyembre 29 na lang ipagpatuloy ang pagsaksak ng lethal injection kay Suriaga.

Kaya naman maraming grupo ang ang nagtaas ng kilay nang baguhin ng Malacañang ang desisyon nito.

Wika nga nila eh, "Ano ba talaga Ate?"

Oho, may kapangyarihan ang ating pangulo na ipagpaliban ang itinakdang araw sa pagbitay sa mga detah convict.

Ito ang isa sa kanilang kapangyarihan. Pero sana ay hindi na nagbibitiw pa ng mga pangako o salita nang sa ganoon ay hindi ito nasisilip ng ilang grupo.

Hindi po ba mas maigi iyong tahimik ka lang para kung may gusto kang ibahin sa iyong plano e magagawa mo ito nang hindi makakakuha ng puna sa iba.

Lumalabas kasi na kapag nangako ka at pagkatapos ay iibahin mo - wala kang isang salita, 'di po ba?

Naunawaan mo ba ang iyong binasa? Bakit binabatikos ng ilang civil society groups si Presidente Arroyo? Dahil sa pagbabago sa isip niya tungkol sa mga bibitayin ngayong taon. Ano nga ba ang kanyang ipinangako? Tama ka, ang pagbitay sa mga death convicts sa Setyembre 30 na ipinagpaliban at iniutos na ituloy na lamang sa Disyembre 29.

Ano ang mensahe /kaisipan ng teksto?

Malinaw na ipinaaabot ng sumulat nito na labis na ikinagagalit ng ilang civil society groups ang pagbibitiw ng pangako ng pangulo na hindi naman natupad o napako! Anong mga pangako ng pangulo ang napako? Tama, napako ang mga pangako ng pangulo na pagbitay sa mga death convicts ngayong Setyembre at ang pagsasaksak ng lethal injection kay Ruben Suriaga na nagkasala sa kasong kidnap for ransom.

Pag-aralan mong mabuti ang ilang pahayag mula sa teksto. Pansinin ang mga salitang may salungguhit. Anong damdamin ang ipinahahayag sa bawat pangungusap?

1. <u>Binabatikos</u> ngayon ng ilang civil society group si Presidente Arroyo dahil sa pagbabago ng isip nito sa mga bibitayin ngayong taon.

2. Dahil <u>lumambot ang puso</u> ng Malacañang ay iniutos ng pangulo na sa Disyembre na lang ipagpatuloy ang pagbitay.

3. Maraming grupo ang <u>nagtaas ng kilay</u> nang baguhin ng Malacañang ang desisyon nito.

4. Wika nga ng ilan eh, <u>“Ano ba talaga Ate Glo?”</u>

5. Kapag nangako ka at pagkatapos ay iibahin mo, ay lalabas na <u>wala kang isang salita!</u> Di po ba?

Sa pangungusap bilang isa, GALIT ang damdaming nangibabaw at madali mo itong makikilala dahil sa salitang BINABATIKOS na nangangahulugan ng labis na pagtutol.

Sa ikalawang pangungusap naman ay PAGKAAWA ang naramdaman ng Malacañang kung kaya’t ipinagpaliban na ang pagbitay.

PAGKAINIS naman ang ipinahahayag ng ikatlo hanggang ikalimang pangungusap dahil sa pabagu-bagong desisyon ng pangulo.

Ito rin ba ang iyong sagot? Kung gayon ay naunawaan mo nga ang ating tinalakay. Marahil ang mga salitang may salungguhit ang nakatulong sa iyo upang tukuyin ang damdaming nangibabaw sa bawat pangungusap.

**C. Gamitin**

Talaga nga bang natutunan mo na ang aralin? Subukan mong gawin ito.

Basahin mo ang sumusunod na teksto. Pagkatapos ay sagutin ang mga tanong na kasunod.

**Kabataan at Droga**

*Ma. Kristina M. Molera*

*Ang Sulo, Mataas na Paaralang Torres*

*Disyembre, 2003*

1. Galit , panghihinayang , pandidiri , kalungkutan at takot... sari-saring mga emosyong siyang umaalipin sa akin tuwing mababanggit ang salitang droga. Wasak na kinabukasan lamang ang tanging naidudulot nito na ang higit na napipinsala ay ang mga kabataan.

2. Madalas natatapos, ang aking pag-iisip sa pagbangon ng galit sa aking dibdib dahil sa kaalamang napakaraming kabataang tulad ko ang nahuhumaling sa bawal na gamot lalo pa't ang karaniwang dahilan lamang ng paggamit nito ay upang saglit na makalimot sa kanilang mga suliranin na hindi kailanman matatakasan!

3. Tuwing masasaksihan ko sa mga programang tumatalakay sa mga dulot ng bawal gamot sa mga kabataan, nababalot ng panghihinayang ang aking puso. Lubos akong naaawa hindi lamang sa mga biktima nito ngunit higit sa ating bansa. Nasaan na ang mga kabataang sinasabing pag-asa ng bayan? Higit akong nangangamba kung ano ang maaaring mangyari sa hinaharap kung magpapatuloy ang paglaganap ng salot na ito.

4. Habang lumalawak ang kaalaman ko tungkol sa masasamang dulot ng droga, hindi lamang mga ipis at daga ang aking pinandidirihan kundi pati na rin ang mga taong kasangkot sa patuloy na paglaganap nito na tunay na winawasak ang buhay at kinabukasan ng mga biktima ng bawal na gamot. Hindi ko lubos maisip na karamihan sa mga maykapangyarihan at nagpapatupad ng batas na nararapat mangalaga sa kapakanan ng mga mamamayan ay siya pang napatutunayang nagpalaganap ng bawal na gamot.

5. Ibayong kalungkutan ang sa tuwina'y nararamdaman ko habang naglalaro sa aking isipan ang ilan sa mga nakaririmarim na kinahihinatnan ng kapusukang dulot nito . Pinatutunayan lamang ito ng mga krimeng karaniwang may kagagawan ay mga taong lulong sa droga.

Karamihan pa sa mga biktima ay ang mga kabataang babae na ginagahasa at pagkatapos ay pinapatay o di kaya'y mga patayan o massacre na kung minsan ay buong pamilya pa.

6. Kung isang matatag na republika ang ninanais ng lahat, ngayon pa lamang ay kailangan nang putulin ang kahibangan ng mga taong ito dahil wala namang mabuting naidudulot sa katawan lalo't higit sa isipan sa halip ay isa pa itong kasangkapan na pumipigil sa kaunlaran ng lahat ng sektor ng lipunan ng ating bansa.

Naunawaan mo ba ang iyong binasa? Pansinin mo ang pamagat nito, "Kabataan at Droga" Tungkol saan ito? Sa masamang dulot ng droga sa mga kabataan? Tama, ang teksto ay naglalaman ng mga hindi magagandang dulot ng droga sa mga kabataan. Anu-anong mensahe ang nais ipabatid ng may-akda sa iyo? Suriin mo ang teksto.

Ganito rin ba ang sagot mo? Malinaw na ipinababatid ng may akda na:

- Wasak na kinabukasan ang dulot ng droga.
- Ang mga krimeng nangyayari sa paligid ay kagagawan ng mga taong lulong sa droga.
- Kailangang putulin na ang kahibangan ng tao sa droga dahil wala naman itong buting maidudulot sa katawan at isipan.
- Ang droga ay pumipigil sa kaunlaran ng lahat ng sektor ng lipunan ng bansa.

Anu-anong mga salita/pangungusap sa teksto ang nagpapahayag ng sumusunod na damdamin: panghihinayang, awa, pangamba, pandidiri at lungkot.

Sa ikatlong talata, sa pangungusap na, "Tuwing masasaksihan ko ang mga programang tumatalakay sa mga dulot ng bawal na gamot sa mga kabataan nababalot ng panghihinayang ang aking puso". Malinaw na PANGHIHINAYANG ang damdaming nangibabaw dito, di ba? Samantalang AWA naman ang naramdaman ng may-akda nang sabihin niyang "Lubos akong naaawa hindi lamang sa mga biktima ngunit higit sa ating bansa." PANGAMBA naman ang damdaming nangibabaw sa pangungusap na, "Nasaan na ang mga kabataang sinasabing pag-asa ng bayan?" Hindi ba't ang pangungusap na ito ay naglalarawan ng pangamba dahil sa maraming kabataan na sinasabing pag-asa ng bayan ang nalululong sa droga at pinangangambahan ng may-akda na kung magpapatuloy ang ganito ay ano pa ang mangyayari sa hinaharap.

PANDIDIRI naman ang ipinahahayag sa ikaapat na talata, sa pangungusap na, "Hindi lamang mga ipis at daga ang aking pinandidirihan kundi pati na rin ang mga taong kasangkot sa patuloy na paglaganap nito na tunay na winawasak ang buhay at kinabukasan ng mga biktima ng bawal na gamot."

KALUNGKUTAN naman ang ipinahahayag ng ikalimang talata sa pangungusap na, "Ibayong kalungkutan ang sa tuwina'y nararamdaman ko habang naglalaro sa aking isipan ang ilan sa mga nakaririmarim na kinahihinatnan ng kapusukang dulot nito".

Ganito rin ba ang iyong naging kasagutan? Kung hindi mo nakuha ang mga tamang sagot ipagpatuloy mo lang ang iyong pag-aaral.

**D. Lagumin**

Narito kaibigan ang mga dapat pang idagdag sa iyong kaalaman tungkol sa mga araling tinalakay. Tandaan mo na sa pamamagitan ng mga salita o pananalitang nagpapahayag ng damdamin, malinaw at maayos mong maipapahayag ang iyong nadarama. Sa tulong nito ay madali mo na ring mauunawaan ang damdamin ng iyong kausap at ang mensahe na nais niyang ipabatid sa iyo.

Sa kabuuan, narito ang ilang mahahalagang bagay na dapat mong tandaan at isaalang-alang upang madaling matukoy ang damdamin ng kausap at mensaheng hatid ng tekstong binasa:

- Ang isang damdamin ay maaaring maipahayag sa iba't ibang paraan.
- Sa anumang pakikipag-usap, mahalagang isipin natin ang sinasabi ng kausap upang madali mong maunawaan ang kanyang nadarama.
- Ang ekspresyon ng mukha ng ating kausap ay makapagbibigay sa atin ng signal kung anong mensahe at damdamin ang kanyang nais na ipahayag.

- Makatutulong din sa pagtukoy sa damdamin at intensiyon ng kausap ang kaalaman sa iba't ibang pananalitang kanyang ipinahahayag.

Naunawaan mo na ba kaibigan? Kung hindi mo ito gaanong naunawaan, maaari mong balikan ang mga tinalakay na aralin at ihanda ang iyong sarili sa pagsagot sa SUBUKIN ng araling ito.

Handa ka na ba? Simulan mo na.

**E. Subukin**

I. Panuto: Punan mo ng angkop na salitang nagpapahayag ng damdamin ang mga patlang.

1. Ipinahayag ng hurado na nanalo ka sa "singing contest" na iyong sinalihan. Nabigla ka at napatalon sa sobrang ____________________.

2. Matagal nang nasa ibang bansa ang iyong ama. Sa wakas ay muli siyang bumalik kung kaya't nag-uumapaw na _______________ang iyong nadama.

3. Ang isa sa iyong mga kaibigan ay naaksidente. Nagluksa kayo at _________________ sa pagpanaw niya.

4. ___________ ang nadarama mo sa tuwing maaalala mo ang karumal-dumal na sinapit ng batang hinoldap kung kaya't hindi ka na rin nagpapagabi sa daan.

5. Nabunggo ng sasakyan ang isang batang babae. Mabilis na umalis ang tsuper sa lugar ng aksidente kung kaya't ___________ na hinabol ito ng mga pulis.

II. Panuto: Basahin ang sumusunod na teksto. Tukuyin ang mensahe / kaisipan nito. Piliin ang letra ng tamang sagot.

1.

| |
|---|
| "Pag may isinuksok, may madudukot " sa panahon ngayon na kung saan ay nakararanas tayo ng kahirapan, itaga natin sa bato na ang bawat sentimong ating ginagastos ay napakalaking bagay upang tayo'y mabuhay. Huwag nating hayaang mabutas ang ating bulsa nang dahil lamang sa walang kabuluhang paggastos ng sa gayo'y mabawasan na ang mga taong naghihirap sa ating bansa. |

a. Matutong magtipid upang hindi makaranas ng paghihirap.
b. Hanggat may panggastos dapat lang na bilhin anuman ang naisin.
c. Marami ng taong naghihirap dahil sa labis na paggastos.

2.

| |
|---|
| Likas na sa ating mga Pilipino lalung-lalo na sa mga kabataan ang magsunog ng kilay para sa kinabukasan. Sa ganitong pagkakataon, pinatutunayan lamang na ang bawat isa sa atin ay may pagpapahalaga sa edukasyon. Edukasyon na siyang magagamit upang maging maayos ang pamamalakad ng ating bansa. |

a. Ang mga Pilipino ay may likas na pagpapahalaga sa edukasyon.
b. Dapat magsunog ng kilay sa pag-aaral.
c. Ang edukasyon ay mahalaga.

3.

| |
|---|
| Sa bawat pagtahak natin sa buhay, dumarating ang pagkakataon na nangangailangan tayo ng tulong sa ating kapwa. Tulong na ang kapalit ay ang simpleng "pagtanaw ng utang na loob." Hindi ba't isa rin ito sa mga pinahahalagahan nating kaugalian? Sinasabi ngang " ang hindi lumingon sa pinanggalingan ay hindi makararating sa paroroonan." |

a. Ang pagtanaw ng utang na loob ay isa sa mga kaugaliang pinahahalagahan natin.

b. Tumulong sa nangangailangan upang ikaw din ay tulungan kung mangailangan.

c. Ang buhay ay puno ng pagsubok kaya dapat na magpakatatag.

4.

| |
|---|
| Po at Opo. Mga katagang tila isang magandang musika sa pandinig ng mga nakatatanda sa atin.Musikang sinasaliwan ng isang magandang hakbang tulad ng pagmamano. Ang mga ito'y ilan lamang sa mga gawaing nagpapakita ng paggalang hindi lamang sa mga matatanda kundi pati na rin sa ating sarili. |

a. Maraming kabataan sa ngayon ang di gumagamit ng po at opo.

b. Ang po at opo tulad ng pagmamano ay mga ugaling nagpapakita ng paggalang.

c. Ang musikang Pilipino ay magandang pandinig sa mga matatanda.

5.

| |
|---|
| "Anumang gawain ay gumagaan sa tuluy – tuloy na pamamaraan." Ito ang lagi nating isaisip sa tuwing ipinagpapaliban natin ang gawaing kaya namang gawin ngayon. Talagang nakatatak na sa ating isipan ang kaugaliang mañana habit. |

a. Laging isipin ang kaugaliang mañana habit.

b. Ang pag-unlad ng bansa ay nasa ating mga kamay.

c. Huwag ipagpaliban pa ang magagawa mo ngayon.

6.

| |
|---|
| "Colonial Mentality" -ito'y isa pang kaugaliang hindi maiwasan ng mga Pilipino. Ika nga "imported eh, kaya matibay, sikat!" Minsan nakakalimutan na nating tangkilikin ang sariling atin. Ang mga mata nati'y nakatuon na lamang sa mga produktong dayuhan at kung magkakagayon, mas mauunahan pa nila tayong umunlad. Pero bago mangyari yon, "Tangkilikin ang sariling atin." |

a. Tangkilikin ang sariling atin upang tayo ay umunlad.

b. Basta't imported matibay.

c. Ang mga produktong Pinoy ay mas maunlad na.

Kung natapos ka na sa pagsagot, ihambing mo ang iyong sagot sa mga paliwanag sa ibaba. Matapat na iwasto ang iyong mga kasagutan.

Narito ang mga tamang sagot para sa Pagsusulit I :

Kaligayahan / tuwa ang dapat na isinagot mo sa una at ikalawang bilang. Ang ganitong damdamin ang nadarama ng tao kung nananalo sa isang paligsahan o kung nakitang muli ang mahal sa buhay na matagal na nawalay sa iyo, hindi ba?

Nalungkot naman ang sagot sa ikatlong bilang dahil likas naman sa tao ang malungkot kung may namatay tayong kaibigan o mahal sa buhay. Takot naman ang nadarama natin kung may krimen na

naganap lalo't atin pa itong nasaksihan. <u>Galit</u> naman ang sagot sa ikalimang bilang dahil nga sa sinapit ng bata na tinakbuhan pa ng mga nakabundol dito.

Pagsusulit II.

1. A
2. A
3. A
4. B
5. C
6. A

Ilan ang nakuha mong tamang sagot? Kung nakakuha ng anim na tamang sagot pataas, ay maaari ka ng magtungo sa ikalawang aralin ng modyul na ito. Kung lima pababa ang iyong iskor, pumunta ka sa Paunlarin. Inihanda ko ito upang mabalikan mo sa iyong alaala ang araling tinalakay.

**F. Paunlarin**

Basahin at unawain mo ang tekstong ito. Sagutin ang mga katanungan sa ibaba.

**Hugis ng Ating Pagkatao**
*Joselyn B. Racusa*
*Ang Sulo-Disyembre, 2002*

1. Maraming kahulugang ibinibigay ang mga sikologo sa malalim na pag-uugali ng isang indibidwal. Ang ating paboritong hugis , ang lungkot, galit, kaba at ang mga hindi natin nagugustuhan ay may kanya-kanyang kahulugan.

2. Ayon kay Susan Dellinger , *Shape* at *Personality Theorist* , ang hugis ay isang batayang elemento sa araw-araw na pamumuhay at may malalim na kaugnayan ito sa ating kamulatan. Ang isang hugis na pinakaiiwasan ng isang tao ay nagpapakita ng kanyang personalidad.

3. Sinasabing ang hindi sang-ayon sa hugis tatsulok ay masayahin at madaling makihalubilo sa kapwa. Taglay rin ang ugaling "bahala na" at malugod na tinatanggap ang lahat ng bagay na mayroon na.

4. Madali kang kumilos kung ang parihabang hugis ay hindi kaaya-aya para sa iyo. Madaling makiayon sa mga taong nasa kapangyarihan at matibay ang kanilang pagtitiwala sa sarili.

5. Habang inis ka naman sa hugis bilog ikaw ay tapat na kaibigan. Maingat kang pumili ng iyong kaibigan. May kakayahan kang gawin silang masaya at maging ang pagmamahal at pagkalinga mo sa kanila ay itinuturing mong isang karangalan.

6. Kung sa tingin mo ang paliku-likong hugis ay hindi kaakit-akit, masasabing ika'y masayang tagapamagitan at tagasunod, mahusay na tagapagsalita at masusing tagapakinig sa lahat.

7. Kung kwadrado naman ang pinakaayaw mo, kalayaan at kasarinlan ang iyong mga nais. Malikhain at masayahin kang tao at nais mong mailabas ang kakayahan ng iyong imahinasyon.

8. Sa lahat ng nilalang ng Diyos, ang tao ang sinasabing natatangi, hindi lamang dahil sila'y may kakayahang mag-isip kundi dahil mayroong higit na pagnananis na mapaunlad ang kanilang sarili. Maging anuman ang hugis ng ating pagkatao, nasa ating mga kamay pa rin nakasalalay ang pagkakamit ng ating tagumpay.

A. Panuto: Punan ng tamang sagot ang tsart.

| Talata | Salita/Pananalitang Nagpapahayag ng Damdamin |
|---|---|
| Blg. 1 | |
| Blg. 3 | |
| Blg. 5 | |
| Blg. 6 | |
| Blg. 7 | |

B. Panuto: Lagyan ng tsek (/) ang bilang ng mga mensahe/ kaisipang nakapaloob sa tekstong binasa.

______1. Ang paboritong hugis ng tao ay nagpapakita ng kanyang personalidad.

______2. Sinasabi ng mga sikologo na sa paboritong hugis maibibigay ang malalim na pag-uugali ng isang indibidwal.

_____3. Sa lahat ng nilalang ng Diyos ang tao ang sinasabing natatangi dahil sila'y may kakayahang mag-isip.

______4. Ang tao ay mayroong higit na pagnanais na mapaunlad ang sarili.

______5. Ang parihabang hugis ay higit na kaaya-aya kaysa iba pang hugis.

______6. Maging anuman ang hugis n gating pagkatao, nasa ating mga kamay pa rin nakasalalay ang pagkakamit ng tagumpay.

Muli kaibigan, iwasto mo ang iyong mga sagot, ihambing mo ito sa mga sagot sa ibaba.

A.

| Talata | Salita/Pananalitang Nagpapahayag ng Damdamin |
|---|---|
| Blg. 1 | Lungkot, galit, kaba |
| Blg. 3 | Masayahin |
| Blg. 5 | Inis, masaya |
| Blg. 6 | Masaya |
| Blg. 7 | Masayahin |

B. Ang mga sumusunod na bilang ang dapat na nilagyan mo ng tsek (/). Ito ang mga mensahe/kaisipang nakapaloob sa tekstong binasa.

1. Sa lahat ng nilalang ng Diyos ang tao ang sinasabing natatangi dahil sila'y may kakayahang mag-isip.
2. Ang tao ay mayroong higit na pagnanais na mapaunlad ang sarili.
3. Maging anuman ang hugis ng ating pagkatao, nasa ating mga kamay pa rin nakasalalay ang pagkakamit ng tagumpay.

Sub – Aralin 2:

## Pagtukoy sa Paksa ng Teksto sa Tulong ng Pamagat, Pangunahing Kaisipan at Pansuportang Detalye

Layunin:

Nawili ka ba sa pag-aaral sa unang aralin? Dumako na tayo sa ikalawang araling inihanda ko. Tiyak kong magiging kawili-wili rin ito para sa iyo.

Ang araling ito ay sadyang inihanda upang matulungan ka para sa ibayong paglinang ng iyong kasanayan sa pang-unawa sa tekstong iyong binabasa. Inilalahad sa araling ito ang ilang tiyak na teknik para sa mabisang pagtukoy sa paksa ng teksto sa tulong ng pamagat, pangunahing kaisipan at pansuportang detalye.

Halina't basahin mo at unawaing mabuti ang mga paliwanag ko tungkol dito.

**A. Alamin**

Ano ang unang ginagawa ng isang mahusay na mambabasa? Ang unang ginagawa ng mahusay na mambabasa tungo sa pag-unawa ay ang pagtukoy sa paksa ng tekstong binasa. Ano ang paksa?

Ito ang nagsasaad kung ano ang ideyang pinagtutuunan ng pansin .

Alam mo ba ang paraan para matukoy mo ang paksa ng teksto? Isa na rito ang pagsusuri sa pamagat. Kapag nakuha mo ang paksa, madali nang kunin ang pangunahing ideya.

O, huwag kang panghinaan ng loob. Iyan ang ituturo sa iyo ng modyul na ito.

Sige, magpatuloy ka na.

**B. Linangin**

Ang isang teknik na makatutulong sa pagtukoy sa paksa ay ang pagkilatis sa pamagat. Maraming mambabasa ang hindi gaanong nagbibigay-pansin sa pamagat ng teksto. Sa katunayan, malimit na ipinahihiwatig ng pamagat ang paksa ng isang teksto.

Tingnan ang halimbawa sa ibaba. Pansinin ang pamagat:

| “Curfew: Ipinatutupad na sa Maynila” |
|---|

Ano sa palagay mo ang paksa? Siguro ay pagpapatupad ng curfew sa Maynila, di ba?

Basahin mo ang teksto at tingnan kung tungkol nga sa pagpapatupad ng curfew sa Maynila ang paksa nito.

**Curfew: Ipinatutupad na sa Maynila**

Isang ordinansa ang ipinaiiral ngayon ng pamahalaang Lungsod ng Maynila. Ito ay ang pagpapatupad ng curfew sa Maynila. Malinaw na ipinatutupad ang curfew sa mga kabataang may 17 taong gulang pababa sa Lungsod ng Maynila. Magsisimula ito ng ika - 10 ng gabi hanggang ika - 4 ng umaga. Aarestuhin at parurusahan ang mga kabataang lalabag sa curfew.

Tama ang hula natin, ano?Tungkol nga sa pagpapatupad ng curfew sa Maynila ang paksa ng teksto. Malinaw nga na natukoy ang paksa ng teksto sa tulong ng pamagat.

Pagkatapos mong matiyak ang paksa ng isang teksto, ang susunod na dapat mong itanong sa sarili ay ganito:

“Ano ang gustong ipaalam o nais ipaunawa ng sumulat tungkol sa paksa? Ang sagot sa tanong na ito ay ang pangunahing ideya o kaisipan ng teksto.

Ang pangunahing ideya / kaisipan ay ang  pinakamahalagang kaisipan tungkol sa paksa ng isang teksto.

Magiging madali ang pagtukoy sa pangunahing ideya o kaisipan ng isang teksto kung itatanong mo sa iyong sarili ang sumusunod na mga tanong.

Ano ang paksa o tapik ?

Ano ang nais ipaunawa ng sumulat tungkol sa paksa? (Ang pangunahing ideya ang sagot sa tanong na ito).

Mahalaga ang pagtukoy sa paksa at pangunahing ideya ng isang teksto para sa lubusang pag-unawa nito.

Ang isang teksto ay binubuo rin ng mga pangungusap na nagtataglay ng mga pansuportang detalye. Ang mga pansuportang detalye ang nagbibigay-linaw sa pangunahing ideya upang maunawaan ito nang lubos.

Ang mga pansuportang detalye ay nagtataglay ng mahahalagang impormasyon na tumutulong sa mambabasa upang lubusang maunawaan ang tekstong binasa. Gayundin nagtataglay ito ng mahahalagang impormasyon na tumutulong sa mambabasa upang lubusang maunawaan ang pangunahing ideya o kaisipan ng isang teksto tulad ng petsa, pangalan, lugar, paglalarawan, datos, istatistika at iba pang mahahalagang impormasyon na nagbibigay-suporta sa pangunahing ideya.

Mahalaga ang pagkilala at pag-unawa sa mga detalyeng nagbibigay ng suporta sa pangunahing ideya / kaisipan dahil sa:

1. ito ang susi sa lubusang pag-unawa ng pangunahing ideya / kaisipan.

2. nakatutulong ang mga ito para madaling matandaan ang mahalagang impormasyon sa isang teksto.

3. makatutulong din ito upang maunawaan ang pagkakabuo ng isang teksto.

Ang pagtatamo ng mga kasanayan sa pagtukoy sa paksa, pangunahing ideya / kaisipan at mga pansuportang detalye ng isang teksto ay isang magandang simula upang ikaw ay maging epektibong mambabasa.

Naging malinaw ba sa iyo ang mga ipinaliwanag ko? Tingnan natin. Heto pa ang isang teksto. Basahin mong mabuti at alamin ang paksa o tapik. Tukuyin o buuin ang pangunahing ideya / kaisipan nito, pagkatapos.

**Musika...Musika...Musika...**
*Mary Dimple S. Dolatoa*
*Ang Sulo, Mataas na Paaralang Torres*
*Nobyembre, 2002*

Musika...musika...musika... isang himig na napakasarap sa pandinig. Alam ba ninyo na bukod sa nagpapagaan ito ng ating damdamin ay may malaking naiaambag din sa larangan ng medisina?

Napag-alaman ng mga siyentipiko na ang kapangyarihan ng musika ay kayang magpaalis ng *stress* sa isang tao. Dahil sa pamamagitan nito naipapahinga ng indibidwal ang kanyang katawan at maging ang pag-iisip kaya naman ito ay nakababawas sa kanyang mga alalahanin.

Ayon sa propesor na si Richard Fratianne, ang musika ay nakababawas din sa sakit at kirot na nararamdaman ng isang pasyente matapos ang isang operasyon. Nakatutulong din ito na mapabilis ang paggaling ng taong maysakit. Kaugnay nito, ang mga manggagamot noong unang panahon ay gumagamit ng musika upang gamutin ang ilang problema sa puso, maialis ang *depression* at maging ang *insomia* o hindi pagkatulog ay nagagamot din nito.

Samantala, naniniwala naman ang mga babaeng nagdadalang-tao na ang sanggol ay dapat na pinakikinig ng musika habang nasa sinapupunan pa lamang upang ito ay lumaking aktibo at matalino. Mas makabubuti sa mga sanggol kung inyong iparirinig ay musikang *instrumental* tulad ng mga likha nila Mozart at Beethoven.

Sa kasalukuyan, may mga katibayang nagpapatunay na ang musika rin ay tumutulong sa pagpapagana ng ilang bahagi ng utak tulad ng memorya, emosyon at iba pa.

Sadyang makapangyarihan ang musika hindi lamang sa puso kundi maging sa pag-iisip ng isang tao. O, kayo, buksan na ang inyong mga radyo upang mapatunayan ang tunay na galing ng musika!

Ano ang paksa ng binasa mo?

Ang malaking ambag ng musika sa larangan ng medisina, di ba? Nakuha mo rin ba ang pangunahing kaisipan? Sa anong talata ito makikita? Talata ___, talma. At ano ang pangunahing kaisipan? Ang sagot mo ay _____. Mga natuklasan ng mga siyentipiko na kapangyarihan ng musika

Anong karagdagang impormasyon ang nais na ipabatid ng may- akda upang lubusan mong maunawaan ang pangunahing ideya?

Ang tanong na ito ay madali mong masasagot kung bubuo ka ng isang tanong na maglalahad ng pansuportang detalye tulad ng tanong na ito:

| Anu-anong kapangyarihan ng musika ang natuklasan ng mga siyentipiko? |
|---|

Pag-aralan mo ang mga sagot sa tanong na ito kung tumutugon sa pangunahing ideya ng teksto.

Napag-aralan ng mga siyentipiko ang kapangyarihan ng musika:

1. kayang magpaalis ng stress sa isang tao.

2. nakababawas din sa sakit at kirot na nararamdaman ng isang pasyente matapos ang operasyon.

3. nakagagamot ang problema sa puso, ng depression maging ng insomia o di pagkatulog.

4. nakatutulong na lumaking aktibo at matalino ang sanggol na nakikinig ng musika habang nasa sinapupunan ng ina.

5. nakapagpapagana ng utak tulad ng memorya, emosyon at iba pa.

Ngayon kaibigan, naunawaan mo na ba ang tekstong iyong binasa?

**C. Gamitin**

Lahat ng binabasa mo, maging ito'y babasahing pangwika o pampanitikan ay nagbibigay ng mga detalye. Napakahalaga ng mga ito sa pagbibigay ng pangunahing ideya.

Unawain mong mabuti ang halimbawang ito at itala sa iyong notbuk ang pangunahing detalye.

Narito ang detalye sa tekstong binasa:

> Hindi mabilang ang namatay at nagkadurug-durog na katawan sa tatlong napakalakas na pagsabog na naganap kaninang hatinggabi sa isang gusali sa Davao.
>
> Ang pagsabog na dulot umano ng isang napakalakas na bomba ay nangyari dakong alas 11:30 ng hatinggabi sa loob ng isang gusali sa Davao City kung saan nakitang nagkalat ang mga bangkay.
>
> Hindi pa matiyak kung ilan lahat ang nasawi dahil nagkapira-piraso ang katawan ng mga biktima.

1. Hindi mabilang ang namatay at nagkadurug-durog na katawan.

2. Tatlong napakalakas na pagsabog ang naganap kaninang hatinggabi sa isang gusali sa Davao City.

3. Ang pagsabog ay dulot ng napakalakas na bomba.

4. Hindi pa tiyak kung ilan lahat ang namatay dahil nagkapira-piraso ang katawan ng mga biktima.

Kung katulad nito ang iyong mga sagot ay talaga ngang mahusay ka nang umunawa ng tekstong iyong binabasa.

Tandaan na maging maikli o mahaba ang teksto, agad mo itong mauunawaan kung tutukuyin mo muna ang paksa nito, ang pangunahing ideya/kaisipan at ang mga detalyeng sumusuporta sa pangunahing kaisipan.

Narito pa ang isang teksto. Basahin mo itong mabuti. Itala sa iyong notbuk ang pangunahing kaisipan at ang mga detalyeng sumusuporta dito.

**Mangosteen:Mahika ng Kalikasan**

*Ni Ligaya Tiamzon Rubin*

*Liwayway, Disyembre – 2003*

May mga nagtataguri sa mangosteen bilang reyna ng mga prutas sapagkat kakaiba at natatangi ito. Maaari ring ito ang prutas na sinasabing paborito ni Reyna Victoria ng Great Britain.

Hugis piramido ang tuktok ng puno ng mangosteen. May katagalan itong lumaki. Brown na papaitim ang matigas na kahoy nito at may kulay dilaw na dagta. Pinaniniwalaang magiging mapakla ito kapag natalsikan ng dagta nito ang bunga. May mga daho itong manilaw-nilaw na berde, makapal, madulas, makinis at hugis oblong. May kumpul-kumpol itong bulaklak na may tulduk-tuldok na pula. Kaakit-akit tingnan ang mga petalyo nito na kulay berde sa labas at kulay dilaw sa loob. Tulad ito sa mga ornamental na bulaklak.

Ayon sa mga tala, mula sa Thailand ang mangosteen. May mga nagsasabi naman na mula ito sa peninsula ng Malay, Molucca at Sunda Island.

Karaniwang makikita ang mga taniman ng mangosteen sa Mindanao. Sa mga tropical na bansa ito madalas na tumutubo.

Ano ang pangunahing kaisipan ng binasang teksto?Tama, Ang mangosteen bilang reyna ng mga prutas sapagkat kakaiba at natatangi ito.

Anu-ano namang mga detalye ang inilahad sa teksto na nagsasabing kakaiba at natatangi ang mangosteen?

Sagutin mo ang tanong na ito upang madali mong mailahad ang pansuportang detalye sa tekstong binasa.

| Bakit sinasabing kakaiba at natatangi ang mangosteen? |
|---|

Nasagot mo ba ang tanong?

Ihambing mo ang iyong sagot dito. Ito ang mga detalyeng sumusuporta sa pangunahing kaisipan ng tekstong binasa.

Itinataguri ang mangosteen bilang reyna ng mga prutas sapagkat kakaiba at natatangi ito dahil sa:

1. hugis piramido ang tuktok ng puno nito.

2. may katagalan itong lumaki.

3. pinaniniwalaang magiging mapakla ito kapag natalsikan ng dagta ang bunga nito.

4. brown na papaitim ang matigas na kahoy nito at may kulay dilaw na dagta.


5. sa mag tropical na bansa ito madalas tumubo.

**D. Lagumin**

Sapat na kaya ang mga naipaliwanag ko sa iyo upang maunawaan mo ang paksa ng tekstong iyong binabasa? Natatandaan mo pa kaya ang mga ito?

Tandaan mo na napakahalaga ang detalyeng nakapaloob sa iyong binabasa, sinusuportahan ng mga detalyeng ito ang pangunahing ideya / kaisipan ng teksto.

Sa kabuuan ng araling ito, madali mong mauunawaan ang tekstong iyong binabasa kung susundin mo ang dayagram na nasa ibaba.




Naunawaan mo na ba ito? Tingnan ko kung ano na ang natutunan mo sa mga araling tinalakay. Sagutin mo ang pagsasanay na nasa ibaba tungkol dito.

**E. Subukin**

A. Panuto: Unawaing mabuti ang mga aytem na nasa ibaba. Piliin ang tamang sagot upang mabuo ang nais ipahayag nito.

1. Ano ang gustong ipaalam o ipaunawa ng sumulat o may akda tungkol sa teksto? Ang sagot sa tanong na ito ay ang __________.

   a. detalye
   b. paksa
   c. pangunahing ideya / kaisipan
   d. pamagat

2. Ang ___________ ay maaaring isang salita o parirala na nagsasaad kung tungkol saan ang teksto.

a. detalye
b. kaisipan
c. mensahe
d. paksa

3. Isang teknik na makatutulong sa pagtukoy ng paksa ay ang pagkilala sa ____________________ ng teksto.

a. detalye
b. mensahe
c. paksa
d. pamagat

4. Ito ang pinakamahalagang kaisipan tngkol sa paksa ng isang teksto.

a. paksa
b. pangunahing ideya / kaisipan
c. pansuportang detalye
d. pamagat

5. Ang mga ______________________ ang nagbibigay-linaw sa pangunahing ideya upang maunawaan ito ng lubos.

a. paksa
b. pangunahing ideya / kaisipan
c. pansuportang detalye
d. pamagat

B. Panuto: Basahin at unawain mo ang sumusunod na teksto. Isulat ang pangunahing kaisipan ng bawat isa at pagkatapos ay itala ang pansuportang detalye.

A.

| |
|---|
| Ang kamatis na napagkakamalang gulay ay isa palang masustansyang prutas na nagtataglay ng Bitamina A at C? Ayon sa mga dalubhasa, and madalas na pagkain ng kamatis ay nakakatulong upang makaiwas sa kanser sa tiyan. |

Pangunahing Kaisipan: ________________________________

Pansuportang Detalye: ________________________________

B.

| |
|---|
| Ang isdang tuna ay isang malaking salik sa pagpasok ng dolyar sa ating bansa. Ang Pilipinas ang nangunguna sa pagluluwas ng mga de latang tuna sa iba't ibang panig ng daigdig. Mahigit 50% ng mga tunang ito ay nanggagaling sa Mindanao o sa timog na bahagi ng bansa. Kabilang na rito ang Golpo ng Moro , Dagat Sulo, Dagat Bohol, Look ng Batangas at Golpo ng Ragay. |

Pangunahing Kaisipan:_______________________________________

Pansuportang Detalye: ______________________________________

C.

| |
|---|
| Saging ang pinakamasustansyang prutas na malaki ang naitutulong sa pagpapalaki ng kalamnan ng ating katawan. Marami ang nagsasabi na ang saging ay hindi prutas kundi isang uri ng "berry" ang puno nito ay itinuturing na isang uri ng "herb" Nagtataglay rin ito ng mga sustansyang tumutulong sa pagpapabilis ng pagbuo ng mga nasirang tisyu sa ating katawan . |

Pangunahing Kaisipan: ______________________________________

Pansuportang Detalye: ______________________________________

Pagkatapos mong sagutin ang pagsusulit na ito, ihambing mo ang mga naging kasagutan sa ibaba.

Para sa Pagsusulit A.

1. C
2. D
3. D
4. C
5. C

Para sa Pagsusulit B, narito ang mga pangunahing kaisipan at pansuportang detalyeng inilahad sa bawat teksto:

Teksto A.

Pangunahing Kaisipan: Ang kamatis ay nagtataglay ng bitamina A at C.

Pansuportang Detalye: Ang madalas na pagkain ng kamatis ay nakatutulong upang makaiwas sa kanser sa tiyan.

Teksto B.

Pangunahing Kaisipan:

Ang Pilipinas ang nangunguna sa pagluluwas ng mga de latang tuna sa iba't ibang panig ng daigdig.

Pansuportang Detalye:

Mahigit 50% ng mga tunang ito ay nanggagaling sa Mindanao o sa timog na bahagi ng bansa.

Teksto C.

Pangunahing Kaisipan:

Ang saging ang pinakamasustansiyang prutas na malaki ang naitutulong sa pagpapalaki ng kalamnan ng ating katawan.

Pansuportang Detalye:

Nagtataglay ito ng mga sustansiyang tumutulong sa pagpapabillis ng pagbuo ng mga nasirang tisyu ng ating katawan.

Ilan ang nakuha mong tamang sagot? Kung tama ang lahat ng sagot mo, maaari ka ng magpunta sa ikatlong Sub-aralin ng modyul na ito. Kung hindi naman,huwag kang mabahala. Sagutin mo ang pagsusulit sa Paunlarin. Inihanda ko ito upang mabalikan mo sa iyong alaala ang araling tinalakay.

**F. Paunlarin**

Ang pagtukoy sa paksa ay mahalagang hakbang sa pag-unawa, ngunit kailangang tiyakin na alam at nauunawaan mo rin ang kahulugan ng pamagat ng tekstong binabasa.

Huwag isipin na maibibigay mo agad ang pangunahing ideya / kaisipan ng isang teksto sa pamamagitan ng pahapyaw na pagbasa sa una at huling pangungusap nito. Kailangang basahin mong mabuti ang kabuuan ng teksto upang matiyak ang pangunahing ideya.

Tandaan na ang pangunahing ideya / kaisipan ay ang pinag-uusapan sa alinmang teksto. Ito ang iniikutan ng talakay.

Mahalagang basahin nang may pang-unawa ang anumang teksto upang matukoy ang pangunahing ideya nito.

Basahin at unawain ang tekstong nasa ibaba at sagutin ang mga tanong tungkol dito.

**Batas ng Lansangan**

*Manilyn A. Sison*

*Ang Sulo, Mataas na Paaralang Torres*

*Disyembre, 2002*

Isang makabuluhang hakbang ang pagpapatupad ng barangay *curfew* mula ika-10 ng gabi hanggang ikaapat ng umaga sa may 897 barangay sa anim na distrito ng Maynila sa mga kabataang 17 taong gulang pababa batay sa City Ordinance No.8046 na itinakda ni manila 6th District Councilor Julio Logarta.

Layunin ng ipinatutupad na *curfew* na mapangalagaan ang mga kabataan sa masasamang elemento tulad ng pagtutulak at pagkalulong sa mga ipinagbabawal na gamot at mga marahas na pangkat na gumagala sa lansangan tuwing gabi.

Makabuluhan ang layunin ng ordinansang ito- ang pangalagaan ang mga kabataan at maiiwas sa pagkalulong sa mga ipinagbabawal na gamot, pag-inom ng alak, paninigarilyo at pagsusugal, mailayo sa maimpluwensiyang barkada at lalo't higit sa lumalalang karahasan sa bansa na karaniwang nagaganap tuwing gabi.

Kaugnay nang pagpapatupad na ito, may mga kaparusahan sa mga mahuhuling kabataang nasa labas ng bahay sa ganitong oras ng gabi.

Tunay na malaking tulong ang barangay *curfew* sa paghubog ng mga pag-asa ng bayan. Magkakaroon ang mga kabataan ng disiplinang pansarili, katangiang makapagpapaunlad sa kanilang katauhan at paghahanda sa pagiging responsableng mamamayan ng bansa.

Ano ang paksa ng teksto? Tama ka kaibigan, ang paksa ng teksto ay ang pagpapatupad ng curfew na agad na matatagpuan sa unang talata ng teksto.

Ano naman ang pangunahing ideya nito?

Di ba, "Isang makabuluhang hakbang ang pagpapatupad ng curfew sa Lungsod ng Maynila.

Ang mga sumusunod na talata ay nagbigay sa atin ng mga pansuportang detalye sa pangunahing ideya. Lagyan ng tsek ang bilang ng mga pansuportang detalye?"

______1. Mapangalagaan ang mga kabataan sa masasamang elemento tulad ng pagtutulak at pagkalulong sa bawal na gamot.

______2. Mabawasan ang mga kabataang nagkakalat sa kalye.

______3. Maiwas sa pag-inom ng alak, paninigarilyo at pagsusugal ang mga kabataan.

______4. Mailayo ang mga kabataan sa impluwensiya ng barkada.

______5. Mapalaki ang kita ng mga panggabing negosyo.

______6. Ipatutupad ang curfew sa 897 barangays sa anim na distrito ng Maynila.

______7. Ang curfew ay para lamang sa mga kabataan sa mga baranggay na sakop ng ika-anim na distrito ng Maynila.

______8. Ang mga kabataang 17 taong gulang pababa ay sakop ng curfew.

______9. Mula ika-10 ng gabi hanggang ika-4 ng umaga ipatutupad ang curfew.

______10. May mga kaparusahan sa mga kabataang lalabag sa ordinansa.

Ihambing dito ang sagot.

Ang mga bilang na ito ang dapat na nilagyan mo ng tsek. Ito ang mga pansuportang detalye sa tekstong binasa.

1 3 4 6 8 9 10

Anong mga tanong ang babagay sa bawat pansuportang detalye? Ganito ba ang sagot mo?

1. Ano ang layunin ng pagpapatupad ng curfew?
2. Saan ito ipatutupad
3. Sinu – sino ang maapektuhan nito?
4. Kailan ito ipatutupad?
5. Paano magiging makabuluhan ang ordinansang ito sa Maynila?

Kung nasagot mo ang mga tanong, pwede mo nang ipagpatuloy ang pag-aaral sa ikatlong aralin ng modyul na ito. Kung hindi, balikan mo ang aralin.

## Sub – Aralin 3:

### Mga Salita / Pangungusap na Nagpapakita ng Pagsang-ayon at Pagsalungat

Kumusta kang muli kaibigan? Ngayon ay nasa ikatlong bahagi ka na ng modyul na ito. Sana ay patuloy mo itong gamitin at tiyak na marami ka pang matututunan.

Layunin:

Sa modyul na ito ay inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Nasusuri ang teksto batay sa tiyak na uri nito
2. Nakikilala ang mga salitang nagpapakita ng pagsang-ayon at pagsalungat
3. Nakapagpapakita ng pagtutol o pagsang-ayon sa isang isyu

**A. Alamin**

Minsan makababasa ka ng tekstong tumatalakay ng mga kuru-kuro at opinyon / reaksyon ng sumulat tungkol sa isang isyu. Kasabay nito ay makakikilala ka rin ng mga salita / pangungusap na nagpapakita ng pagsang-ayon at pagsalungat at kung paano at kailan ito ginagamit.

Masusubukan mo ring makapagpahayag ng isang mabisang pangangatuwiran tungkol sa isang napapanahong isyu o paksa.

Iba't ibang uri na ng teksto ang nakilala mo sa mga nagdaang aralin. Alam mo bang ang mga tekstong ito ay makikilala rin batay sa kanilang layunin at nilalaman? Handa ka na ba? Sige simulan mo na.

Pag-aralan natin ang tekstong ARGUMENTATIV. Isa sa layunin ng tekstong argumentativ ay ang hikayatin ng may-akda ang mambabasang tanggapin ang kanyang paninindigan sa isyu. Ang nilalaman nito ay ang isyu, ang paninindigan ng may-akda sa isyu at ang kanyang mga argumentong sumusuporta sa kanyang posisyon. Ito ang isang espesyal na uri ng tekstong PERSWEYSIV na gumagamit ng katwirang lohikal.

**B. Linangin:**

Ang tekstong argumentativ, tulad ng ibang teksto ay binubuo ng simula, gitna at wakas na talata.

Upang higit mong malinawan ito, basahin at unawain mo ang tekstong ito. Alamin ang pangunahing paksa.

**Katarungan Laban sa Karahasan**
*Mary Grace O. Isorena*
*Ang Kalahi – Mataas na Paaralang Torres*
*Enero, 2003*

Talagang isang makabuluhang tugon ang muling pagpapatupad ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo sa parusang kamatayan bunga ng lumulubhang paglaganap ng kriminalidad sa mga Tsinoy sa bansa.

Oo, magkahalong damdamin ang ibinubunga ng deklarasyong ito: pag-asa para sa mga pamilyang nabiktima ng pandurukot na makamit ang katarungan at malaking pagtutol sa panig

ng simbahan dahil taliwas ito sa banal na kautusan ng Diyos habang kalungkutan naman ang bumalot sa puso ng karamihan sapagkat kinakailangan pang kumitil ng buhay ala-alang sa katiwasayan ng bansa.

Isinasaad sa Saligang Batas ng 1987 ang pagsasawalang-bisa ng parusang kamatayan subalit muli itong ipinatupad ni Pangulong Fidel V. Ramos noong 1994 kung saan si Leo

Echegaray ang pinatawan ng parusang kamatayan sa salang panghahalay sa kanyang sariling anak.

Sa panahon ng panunungkulan ni dating Pangulong Joseph E. Estrada ay muling inalis ang *death penalty* dahil hindi siya naniniwalang sapat ito upang mabawasan ang karahasan sa bansa subalit ngayon sa pamumuno ni Pangulong Arroyo ayaw niyang ipagpaliban sa taong 2004 ang pagpapataw ng nasabing parusa kung saan tinatayang 191 ng death convicts ang nakahanay sa *death row* – patunay lamang na laganap pa rin ang kriminalidad sa bansa.

Samantala, dalawang bagay lamang ang maaaring dahilan kung bakit ipatutupad ang batas sa *death penalty*. Ang una'y tunay na ninanais ng pamahalaan na mabigyang katarungan ang mga nabiktima ng pandurukot habang ang ikalawa'y naniniwala ang ating Pangulo na sa pamamagitan nito'y mababawasan ang kriminalidad sa bansa.

Opo, ang pag-aalis sa *moratorium* ng parusang kamatayan ay ang nalalabing paraan upang maitaguyod ang matahimik, maunlad at matatag na republika. Gayundin naman, tungkulin natin bilang mga mamamayan na pangalagaan ang ating mga sarili at makiisa sa mga kampanyang inilulunsad ng pamahalaan laban sa kriminalidad at karahasan.

Tungkol saan ang teksto?

Tama, ito ay tungkol sa isyu ng parusang kamatayan.

Anong uri ng teksto ang iyong binasa? Ang iyong binasa ay isang tekstong argumentativ.

Ano ang paninindigan ng awtor tungkol sa isyu? Ang pagpapatupad nito ang kanyang pinaniniwalaan, di ba?

Saang bahagi makikita ang tungkol dito? Malinaw na inilahad sa unang talata ang isyu at ang posisyon ng may-akda sa isyu ng parusang kamatayan- ang pagpapatupad nito ang kanyang pinaniniwalaan.

Bakit nasabing ito ang kanyang pinaniniwalaan? Ang mga sumusunod na talata ay sumusuporta sa kanyang paninindigan. Anu-ano ang mga iyon?

Una ang pagpapatupad daw nito ay isang makabuluhang tugon sa lumulubhang paglaganap ng kriminalidad sa bansa.

Ikalawa, ang pag-alis daw ng moratorium ng parusang kamatayan ay ang nalalabing paraan upang maitaguyod ang matahimik, maunlad at matatag na republika. Makikita itong muli sa huling talata.

Sa palagay mo bakit niya ito inulit? Okey, Gusto niyang hikayatin ang mambabasa na tanggapin at makiisa sa kanyang pinaniniwalaan tungkol sa kampanya ng pamahalaan laban sa kriminalidad at karahasan.

Kung iyong mapapansin may mga salita sa teksto na may salungguhit; talaga, tunay, oo, ano ang ipinahahayag ng mga ito? Ito ay mga salitang nagpapahayag ng pagsang-ayon, hindi ba?

Ano naman ang sinasabi ng hindi, ayaw? Pagtanggi, tama.

Ano ang kahalagahan ng mga salitang ito sa pagbubuo ng isang tekstong argumentativ?

Malaki, sapagkat ang mga salitang ito ay makatutulong upang mapagtibay ng sumulat anuman ang kanyang posisyon sa isyung tinatalakay, kung siya'y sumasang-ayon o sumasalungat dito.

Sa bawat pagsang-ayon o pagtutol ng tao, napatutunayan ang kalayaang pumili kung sino ang papanigan, paniniwalaan, sasalungatin o tatanggihan.

Nasa atin ang pagtitimbang-timbang at pasya kung alin ang pipiliin, hindi ba?

Narito pa ang ilang mga pang-abay na panang-ayon;

Oo, opo, oho, tunay, talaga, sadyang, totoo at iba pa.

Halimbawa:

1. Opo, nangangailangan tayo ng higi na maraming mag-aaral sa taong ito.
2. Oo, hihintayin ko ang iyong pagsuporta.
3. Tunay na maraming kabataan ang nahihilig sa kompyuter.
4. Sadyang magkaiba ang mga kabataan noon at ngayon.

Sa pagpapahayag ng pagtutol gumagamit ng mga pang-abay na pananggi. Ito ay ang mga pang-abay na nagsasaad ng pagtanggi o pagbabawal tulad ng hindi / di, huwag, ayaw, wala at iba pa.

1. ____________ papayagan ng ina na mapahamak ang kanyang anak.
2. ____________ na niyang alalahanin pa ang kanyang masamang karanasan.
3. ____________ nagnanais na ganyan ang mangyari sa kanya.
4. ____________ sana 'yan ang sinpit mo kung nakinig ka lang sa akin?
5. ____________ mo nang dagdagan pa ang problema ko.

Subukan mong lagyan ng angkop na pananggi ang patlang para mabuo ang mga pangungusap na pananggi. Ganito ba ang sagot mo?

1. Hindi papayagan ng ina na mapahamak ang kanyang anak.
2. Ayaw na niyang alalahanin pa ang kanyang masamang karanasan.
3. Wala nagnanais na ganyan ang mangyari sa kanya.
4. Di sana 'yan ang sinpit mo kung nakinig ka lang sa akin?
5. Huwag mo nang dagdagan pa ang problema ko.

**C. Gamitin**

Ipahayag ang inyong pagsang-ayon o pagsalungat sa sumusunod na mga sitwasyon. Itala ang sagot sa iyong notbuk.

1. Naniniwala ka sa opinyon ng inyong pangulo sa klase.
2. Hindi ka sang-ayon sa naging pasya ng inyong asosasyon.
3. Sa isang pulong, salungat ka sa mungkahi ng isang kasapi ng inyong samahan.
4. Tama para sa iyo ang parusang pagsususpindi at pagpapaalis sa paaralan ng sinumang mag-aaral na mahuling kasapi ng isang fraternity o sorority.

5. Ikinatutuwa mo ang paghihigpit sa mga mag-aaral ng magsuot ng ID sa lahat ng oras sa loob ng kampus.

Naipahayag mo ba nang maayos ang iyong pagsalungat o pagsang-ayon sa mga aytem sa itaas?

Malapit ba ang iyong sagot dito?

1. Iyan ang nararapat. Ganyan din ang palagay ko.
2. Hindi ako sang-ayon sa desisyon ng pangkat.
3. Hindi maaari ang iminumungkahi mo.
4. Ganoon nga. Tama lang na suspindihin at paalisin ang sinumang mag-aaral na kasapi ng isang fraternity o sorority.
5. Talagang nakatutuwa ang desisyon ng paaralan sa paghihigpit ng pagpapasuot ng ID sa loob ng paaralan.

Kung ganito rin halos ang iyong mga naging kasagutan, tunay na naunawaan mo na ang araling tinalakay. Ipagpatuloy mo pa ang pag-aaral.

**D. Lagumin**

Pag-aralan mo ang dayagram sa kabilang pahina. Mabubuod mo ang paksang ating tinalakay tungkol sa tekstong argumentativ sa tulong nito.

PANIMULA
Pambungad (Isyu)
Posisyon (sa isyu):

↓

UNANG ARGUMENTO
Kongklusyon:___________________________
Mga Batayan:___________________________

↓

IKALAWANG ARGUMENTO
Kongklusyon: __________________________
Mga Batayan: __________________________

↓

IKATLONG ARGUMENTO
Kongklusyon__________________________
MgaBatayan:__________________________

↓

KONGKLUSYON

Tandaan mo na ang tekstong argumentativ ay maaaring naglalaman ng mga salita / pangungusap na nagpapakilala ng pagsang-ayon at pagsalungat. Maliwanag na inilalahad ang isyu at ang paninindigan sa isyu ng awtor at kanyang mga argumento.

**E. Subukin**

A. Panuto: Suriin ang mga katangian inilalahad sa bawat pangungusap. Lagyan ng bituin ( * ) ang OO kung ito'y totoo sa tekstong argumentativ at HINDI kung hindi ito katangian ng tekstong ito.

| | OO | HINDI |
|---|---|---|
| 1. Isa itong ispeyal na uri ng tekstong persweysiv. | | |
| 2. Nanghihikayat na tanggapin ang posisyon ng may akda sa isang isyu. | | |
| 3. Gumagamit na argumentong lohikal | | |
| 4. Nabubuo mula sa mga tiyak na katotohan at opinyon ng eksperto. | | |
| 5. Sa panimulang talaa pa lamg ay inilalahad na ang posisyon ng may akda sa isyu. | | |

B. Panuto: Piliin sa pangungusap at isulat sa sagutang papel ang mga salitang nagpapahayag ng pagsalungat at pagsang-ayon

1. Walang mangyayari kung paiiralin ang diskriminasyon sa pagpili ng mga mag-aaral na tatanggapin sa paaralan.

2. Maaari mo nang ipahayag ang saloobing itinago mo sa mahabang panahon.

3. Dapat lamang na kilalanin natin ang kanyang kadakilaan.

4. Hindi kailanman malulutas ang suliranin ng panibagong suliranin.

5. Tumututol ang lahat sa ginawa sa kanya ng kasamahang guro.

C. Panuto: Narito ang isang paniniwala na madalas pinagtatalunan ng mga Pilipino. Ipahayag mo ang iyong pagsang-ayon o pagsalungat dito.

| |
|---|
| Mas mahusay ang mga imported na produkto kaysa mga produktong gawa ng Pinoy. |

Tapos ka na ba sa pagsagot kaibigan? Ihambing mo ang iyong mga sagot dito:

Sa Pagsusulit A, dapat lahat ng bilang sa ilalim ng Oo ay nilagyang mo ng bituin (*) dahil ang lahat ng isinasaad nito'y mga katangian ng tekstong argumentativ.

Sa Pagsusulit B, ang salitang ito ang nagpapahayag ng pagsalungat at pagsang-ayon:
Sa bilang 1. walang 2. maaari 3. dapat 4. hindi 5. tumututol

Sa Pagsusulit C, maaaring ganito ang sagot mo.

- Hindi ako sang-ayon sa paniniwalang yan. Naniniwala akong dapat tangkilikin ang mga local na produkto dahil gawa ito ng ating mga kababayan. Alisin na ang mga kaisipang kolonyal na nagpapahirap sa ating bayan.

- Ganyan ang paniniwala ko. Kailangang tayo ang manguna sa pagtangkilik sa mga produktong atin.

- Iyan ang nararapat. Dapat nang mamulat ang kaisipan natin. Hindi tayo makatutulong sa pag-unlad ng ating bansa dahil sa pinayayaman natin ang ibang bansa.

- Talagang kailangan natin ang pagkakaisa. Unahin ang sariling atin bago ang iba.

Nakuha mo ba lahat ng tamang sagot? Huwag kang mag-alala, kung hindi. Narito ang isa pang pagsasanay na makatutulong sa iyo upang mabalikan at lubos pang maunawaan ang araling tinalakay.

**F. Paunlarin**

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang teksto. Sagutin ang tanong pagkatapos.

**Wikang Ingles: Bilang Midyum ng Pagtuturo?**

Naging isang mainit na usapin ang iniutos ng pangulo na pagpapagamit ng Ingles bilang midyum ng pagtuturo sa paaralan. Hangad ng pangulo na maibalik ang wikang Ingles dahil sa rekognisyon at pakikipagkumperensiya ng mga Pilipino sa daigdig. Ayon sa pangulo, tama lang na pag-ukulan nang pansin  ang bumababang antas ng literasi sa Ingles ng mga Pilipino. Subalit, para sa akin ang paggamit ng Filipino bilang midyum ng pagtuturo ay hindi naman sagabal sa pagpapataas ng literasi sa Ingles ng mga Pilipino. Sa halip na gawing Ingles ang midyum ng pagtuturo ay paghusayan na lamang ang pagtuturo ng Ingles sa elementarya patungo sa mataas na lebel. Patuloy na humubog ng mga magagaling na gurong magtuturo ng sabjek na ito.

Ang panukalang ito ng pangulo ay hindi sinang-ayunan ng guro sa Filipino. Marami sa kanila ang nagsabi na ang isang mag-aaral ay matututo sa sarili niyang wika o wikang kinagisnan. Natututo siya ng dayuhang wika kapag alam na niya ang sariling wika. Ayaw nilang tanggapin ang pananaw na ang paggamit ng Wikang Filipino bilang midyum ng pagtuturo sa paaralan ang dahilan ng pagbaba ng kaalaman sa Ingles. Tunay na maganda ang layunin ng pangulo na isulong ang Wikang Ingles upang madali ang pakikipagtalastasan sa iba’t ibang panig ng mundo sa pag-asang ito ang magiging susi ng pag-unlad ng ating bansa. Subalit dapat nating isipin na higit nating kailangan ang isang pambansang wika na magsisilbing pwersa na magbubuklod sa atin bilang isang lahi at isang bansa.

Huwag nating hayaang mapabayaan ang wikang nagbibigkis sa puso at diwa ng sambayanang Pilipino para sa pinakamimithing pagkakaisa at pagkakaunawaan. Paunlarin at palaganapin ang paggamit ng Wikang Filipino.

Piliin ang letra ng tamang sagot.

1. Anong uri ng teksto ang iyong binasa?

   a. Narativ b. Argumentativ c. Informativ d. Prosijural

2. Anong isyu ang inilahad sa teksto?

   a. Pagpapagamit ng Ingles bilang midyum sa pagtuturo sa paaralan.
   b. Pagpapagamit ng Filipino bilang midyum sa pagtuturo sa paaralan.
   c. Pagpapaunlad ng Wikang Filipino.
   d. Pagbaba ng literasi sa Ingles ng mga Pilipino.

3. Ano ang paninindigan ng awtor tungkol sa isyu?

   a. Ang paggamit ng Ingles bilang midyum sa pagtuturo ang kanyang pinaniniwalaan.
   b. Ang paggamit ng Filipino sa pagtuturo ay nakapagpababa sa kaalaman sa Ingles ng mga Pilipino.
   c. Ang paggamit ng Filipino bilang midyum sa pagtuturo ang kanyang pinaniniwalaan.
   d. Ang paggamit ng Ingles ay makatutulong sa pag-unlad ng mga Pilipino.

4. Saang bahagi makikita ang tungkol dito?

   a. Sa ikalawang talata

   b. Sa unang talata

   c. Sa ikatlong talata

   d. Sa una at huling talata.

5. Alin-alin ang mga salita/pangungusap na nagpapahayag ng pagsang-ayon? ng pagtutol?

Muli kaibigan, iwasto mo ang iyong sagot. Ihambing mo ang ito sa mga sagot sa ibaba.

1. b

2. a

3. c

4. d

5. Mga salita / pangungusap na nagpapahayag ng pagsang-ayon:

a. Tama lang na pag-ukulan nang pansin ang bumababang antas ng literasi sa Ingles ng mga Pilipino.

b. Tunay na maganda ang layunin ng pangulo na isulong ang Wikang Ingles upang maging madali ang pakikipagtalastasan sa iba't ibang panig ng mundo.

c. Dapat natin isipin na higit nating kailangan ang isang pambansang wika na magbubuklod sa atin bilang isang lahi at isang bansa.

Mga salita / pangungusap na nagpapahayag ng pagtanggi:

a. Ang panukalang ito ay hindi sinang-ayunan ng mga guro sa Filipino.

b. Ayaw nilang tanggapin ang pananaw na ang paggamit ng Filipino bilang midyum ng pagtuturo sa paaralan ay ang dahilan ng pagbaba ng kaalaman sa Ingles.

c. Huwag nating hayaang mapabayaan ang wikang nagbibigkis sa puso at diwa ng sambayanang Pilipino.

## *Gaano ka na kahusay?*

Binabati kita kaibigan! Ngayon ay nasa huling bahagi ka na ng modyul na ito. Ang bahaging ito ay susukat sa kung ano ang natutunan mo sa modyul na ito.

Handa ka na ba? Simulan mo nang sagutin ito.

I. Panuto: Isulat sa sagutang papel kung Tama o Mali ang ipinahahayag ng bawat pangungusap.

_______1. Ang damdamin ay ang emosyon o anumang bagay na galing sa puso at hindi sa isip.

_______ 2. Ang nadarama ng tao ay di lamang makikita sa ekspresyon ng mukha.

_______ 3. Mahalaga ang pagtukoy sa paksa at pangunahing ideya ng isang teksto para sa lubusang pag-unawa nito.

_______ 4. Sa pahapyaw na pagbasa sa una at huling pangungusap ay agad na maibibigay mo ang pangunahing kaisipan ng teksto.

________5. Ang pamagat ng teksto ay makatutulong sa pagtukoy sa paksa.

II. Panuto: Tukuyin ang isinasaad ng bawat pangungusap.Piliin ang letra ng tamang sagot.

1. Maaaring isang salita o parirala na nagsasaad kung ano ang isinulat ng awtor.
   a. paksa  b. pamagat  c. pangunahing kaisipan  d. detalye

2. Ito ang gustong ipaalam o nais ipaunawa ng sumulat tungkol sa paksa.
   a. paksa  b. pamagat  c. pangunahing kaisipan  d. detalye

3. Nagtataglay ng mahahalagang impormasyon na tumutulong na bigyang linaw ang pangunahing ideya.
   a. pangunahing kaisipan  b. paksa  c. pamagat  d. pansuportang detalye

4. Isang uri ng teksto na ang nilalaman ay ang isyu, ang posisyon ng may-akda sa isyu at ang kanyang argumentong sumusuporta sa kanyang paninindigan.
   a. narativ  b. infromativ  c. argumentativ  d.prosijural

5. Isang usapin na may dalawang panig.
   a. isyu  b. kongklusyon  c. paninindigan  d. paksa

III. Panuto: Ayusin ang mga salitang nasa kahon sa tamang hanay sa ibaba.

| Salitang Nagpapahayag ng Pagsang-ayon | Salitang Nagpapahayag ng Pagsalungat |
|---|---|
| 1. | 1. |
| 2. | 2. |
| 3. | 3. |
| 4. | 4. |
| 5. | 5. |

| | |
|---|---|
| Iyon ang nararapat | Huwag na lang. |
| Hindi totoong lahat yan. | Ganoon nga. |
| Walang pakinabang na dulot yan! | Tama ang sinabi mo. |
| Sang – ayon ako dyan | Hindi maaari yan. |
| Oo, maganda yan! | Ayaw ko nga. |

IV. Panuto: Basahin at unawain ang teksto. Sagutin ang mga tanong sa ibaba.

**Yakap, Sandigan ng Pagkakaisa at Pagmamahalan**

Napakagandang kaugalian ito ng lahat ng bansa. Tunay na ipinadarama nila ang kanilang emosyon... malungkot o hindi sa mahigpit na yakap.

Sa mga paalam at salubungan ang mahigpit na yakap ay talo ang isang libong salita. Para sa mga sanggol at matanda ang yakap ay pahiwatig ng pagmamahal subalit sa magkalaguyo ay hindi pagmamahal kundi nakaw na pag-ibig.

Sa matagal na pagkakalayo at pangungulila ng nagmamahalang mga puso ay nadarama ang higpit ng yakap.

Sa pakikiramay, ang yakap ay nagbibigay ng kasiyahan sa puso. Naroon ang matinding yakap na nakaaalis ng sugat ng puso. Ang yakap ay nangangahulugan ng pagpapatawad. Iyong dibdib sa dibdib na yakap ay nakaaalis ng sama ng loob, ng galit, ng inggit,ng hinanakit at marami pang iba.

Sa isang ama na nawala nang maraming taon at naroon sa hapag-kainan makikita ang amang puno ng luha. Naroon ang kanyang mag-ina na hindi umaasa na darating ang isang araw na makapiling nila ang kanilang ama. Sa isang ina na nagbalik pagkatapos iwan ang kanyang mag-aama nang mahabang panahon ay mainit na yakap ang naghihintay hudyat ang matinding pagkagiliw sa kanyang mga mahal sa buhay.

Ang yakap ay simbulo ng pagmamahal, pagkakaisa, pakikiramay, pagpapatawad at pagsisisi. Ito ay pahatid ng Poong Maykapal sa mga pusong nagmamahalan.

A. Piliin ang letra ng tamang sagot.

1. Ang paksa ng teksto ay _______________.
   a. init   b. pagkakaisa   c. pagmamahal   d. yakap

2. Ang mainit na yakap ng nawalay na ina ay hudyat ng matinding pagkagiliw sa kanyang mahal sa
   buhay. Ang salitang may salungguhit ay nagpapahayag ng ________.
   a. kalungkutan   b. pagkaawa
   c. kaligayahan   d. kasawian

3. Ang pangunahing kaisipan ng tekstong binasa ay matatagpuan sa ______ talata.
   a. una   b. huli
   c. ikatlo   d. ikaapat

4. Ang luha sa mata ng ama na matagal na nawalay sa mahal sa buhay ay nagpapahayag ng
   ______________.
   a. kaligayahan   b. kalungkutan
   c. kasawian   d. katapatan

5. Nais ipabatid ng teksto sa mambabasa na ang yakap ay nangangahulugan ng ______.
   a. pakikiramay   b. pagmamahal
   c. pagpapatawad   d. lahat ng mga ito

B. Panuto: Piliin ang letra ng mga detalyeng sumusuporta sa pangunahing kaisipan ng teksto.

a. Sa mga paalam at salubungan ang mahigpit na yakap ay talo ang isang libong salita.

b. Mahalagang mayakap palagi ang mga mahal sa buhay.

c. Ang mahigpit na yakap sa kaaway aynagpapahayag ng pakikipagkasundo.

d. Sa matagal na pagkakalayo at pangungulila ng mga nagmamahalang puso ay nadarama ang higpit ng yakap.

e. Sa pakikiramay, ang yakap ay nagbibigay ng kasiyahan sa puso.

f. Ang luha sa mata ay nagpapahayag nang matagal na pagkawalay sa mahal sa buhay.

g. Ang yakap ay nangangahulugan ng pagpapatawad.

Iwasto mo na ang iyong sagot. Kunin ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro.

Ano, nasagutan mo bang lahat? Kung maraming mali, balikan mo ulit ang mga aralin.

Maraming salamat sa iyo kaibigan. Sana ay may naitulong sa iyo ang mga aralin sa modyul na ito.



Susi sa Pagwawasto

Modyul 9
Pagsusuri at Pagtukoy sa Kaisipan,
Mensahe at Damdamin sa Teksto

I.
1. T
2. T
3. T
4. M
5. T

II.
1. B - pamagat
2. A - paksa
3. D - pansuportang detalye
4. C - argumentativ
5. A - isyu

III.
Mga salitang nagpapahayag ng pagsang-ayon
1. iyon ang nararapat
2. ganoon nga
3. sang-ayon ako dyan
4. oo, maganda yan
5. tama ang sinabi mo

Mga salitang nagpapahayag ng pagsalungat
1. hindi tooong lahat yan
2. walang pakinabang na dulot yan
3. huwag na lang
4. ayaw ko nga
5. hindi maaari yan

IV.(A.) (B.) A, D, E, G
1. D
2. C
3. B
4. B
5. D